PANTAO
The International Journal of the Humanities and Social Sciences
Volume 4, Issue 4
ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Semantic Mapping Method in teaching vocabulary in the Filipino language

Jelliana Arnado*
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: arnadojelliana8@gmail.com

Aileen B. Moreno
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: aileen84moreno@gmail.com

Cristine J. Reyes
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: rcristine2002@gmail.com

Himeji-Ken V. Dela Peña
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: himejiken.delapena@ctu.edu.ph

ABSTRACT

The study focuses on the Semantic Mapping Method in teaching vocabulary in the Filipino language among students from BSED FIL 1A and BSED FIL 1-1 at Cebu Technological University – Consolacion Campus for the academic year 2025–2026. The respondents consist of seventy-eight (78) freshmen students from two sections. A questionnaire was utilized to gather the necessary data. The data were analyzed using purposive sampling, a quasi-experimental research design, and instruments such as the Traditional Concept Map and the Semantic Mapping Concept Map. Statistical tools were also used for data analysis and interpretation. The findings revealed that the use of the traditional method in teaching vocabulary produced results categorized as "Fair," whereas the Semantic Mapping strategy yielded results classified as "Excellent." The study further found a significant difference between the profiles of students who underwent the traditional method and those who were taught using the Semantic Mapping Method. Based on the results, the following conclusions were drawn: First, it was confirmed that teaching vocabulary through the

*Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404599

Recommended citation:
Arnado, J., Moreno, A. B., Reyes, C. J., & Dela Peña, H.-K. V. (2025). Semantic Mapping Method in teaching vocabulary in the Filipino language. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 6497-6506. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404599

traditional method was only “Fair,” indicating that students had difficulty understanding and associating words with the given main concept. Second, vocabulary instruction using Semantic Mapping was found to be “Excellent,” reflecting students’ higher level of understanding of the main word and its effectiveness in expanding their vocabulary. Lastly, the vocabulary performance of students exposed to both the Traditional and Semantic Mapping approaches is significant, as it contributes to the development of their linguistic knowledge.

Keywords: Semantic Mapping Method, teaching, vocabulary, Filipino language

Date Submitted: October 26, 2025
Date Accepted: November 10, 2025
Date Published: November 26, 2025

PANTAO
The International Journal of the Humanities and Social Sciences
Volume 4, Issue 4
ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Semantic Mapping Method sa pagtuturo ng bokabularyo sa wikang Filipino

Jelliana Arnado
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: arnadojelliana8@gmail.com

Aileen B. Moreno
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: aileen84moreno@gmail.com

Cristine J. Reyes
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: rcristine2002@gmail.com

Himeji-Ken V. Dela Peña
Cebu Technological University – Consolacion Campus
Cebu, Philippines
Email: himejiken.delapena@ctu.edu.ph

ABSTRAK

Nakatauon ang pag-aaral sa Semantic Mapping Method sa pagtuturo ng Bokabularyo sa wikang Filipino sa BSED FIL 1A at BSED FIL1-1 sa Cebu Technological University – Consolacion Campus para sa taong panuruan 2025-2026. Ang mga tagatugon ay binubuo ng pitumpu't walong (78) mag-aaral mula sa dalawang seksyon sa Freshmen. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang talatanungan upang makalap ang kinakailangang datos. Ang mga datos ay sinuri gamit ang Purposive Sampling, Quasi-Experimental na disenyo at mga instrumento tulad ng Tradisyunal na Concept Map at Semantic Mapping Concept Map. Ginamit din ang instrumentong istatistikal para sa pagsusuri at interpretasyon ng datos. Ipinakita ng kinalabasan ng pag-aaral na "Hindi Gaanong Mahusay" sa paggamit ng Tradisyunal na paraan sa pagtuturo ng bokabularyo, samantalang "Napakahusay" ang naging resulta matapos gamitin ang estratehiyang Semantic Mapping. Napag-alaman din na may makabuluhang pagkakaiba sa propayl ng mga mag-aaral na sumailalim sa Tradisyunal na paraan at ng mga tinuruan gamit ang Semantic Mapping Method. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, nakuha ang mga sumusunod na konklusyon: Una, napatunayan na ang pagtuturo ng bokabularyo gamit ang Tradisyunal na paraan ay "Hindi Gaanong Mahusay", na nangangahulugang nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain at iugnay ang salita sa pangunahing salita na ibinigay. Pangalawa, ang pagtuturo ng bokabularyo gamit ang Semantic Mapping ay "Napakahusay", na nagpapakita ng mas mataas na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pangunahing salita at nakatutulong sa pagpapalawak ng kanilang bokabularyo. Panghuli, ang

bokabularyo ng mga mag-aaral na sumailalim sa Tradisyunal at Semantic Mapping na paraan ay may kabuluhan dahil nakatutulong ito sa paglinang ng kanilang kaalaman sa wika.

Mga susing salita: Semantic Mapping Method, pagtuturo, bokabularyo, wikang Filipino

PANIMULA

Ang pagtuturo ng bokabularyo ay napakahalaga sa mga mag-aaral dahil ito ay ginagamit nila sa pagbasa at pagsulat. Kapag mababa ang bokabularyong nalalaman at nagagamit ng mga mag-aaral ay nagiging problema ito dahil mahihirapan silang maintindihan at maunawaan ang mga pangungusap at kung paano ito gamitin sa iba't ibang larangan tulad ng pagsulat at pagbasa. Ang pagtuturo ng bokabularyo ay may positibong pagbabago sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng estratehiyang Semantic Mapping Method, hindi malabong makatulong ito upang mapaunlad ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Isa sa mga malaking hadlang sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral ay ang limitadong bokabularyo, lalo na sa paggamit ng wikang Filipino. Bunga nito ay hindi nila epektibong mailalahad ang kanilang ideya o kaisipan dahil nahihirapan ang mga mag-aaral na magpahayag. Katulad ng nabanggit ni Abagon (2021), na sa pagbabasa ay naipapabatid ang mensahe ng bawat tekstong ating nababasa. Ang mga tekstong ito ang siyang lumilinang sa ating bokabularyong nagagamit sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ang pagpapayaman ng bokabularyo ay mahalaga upang matulungan ang mga indibidwal na maunawaan ang iba't ibang konsepto at magamit sa komunikatibo. Sa pagtuturo ng bokabularyo sa wikang Filipino, nasusukat ang kaalaman ng mga mag-aaral at nasusuri ang kanilang pag-unawa sa mga salita at pangungusap.

Layunin ng pag-aaral na ito na maituro at mapaunlad ang bokabularyo ng mga mag-aaral gamit ang wikang Filipino. Isa sa mga mahalagang aralin na kinakailangang bigyang-pansin ng mga guro ay ang bokabularyong pang-akademiko. Ang kakulangan sa ganitong uri ng bokabularyo ay nakaaapekto sa pagkatuto at nagsisilbing malaking hadlang sa tagumpay ng mga mag-aaral. Kapag limitado ang bokabularyong pang-akademiko ng isang mag-aaral, nagiging mahirap para sa kanila na maunawaan ang mga tekstong ginagamit, lalo na ang mga babasahing nangangailangan ng mataas na pag-unawa. Sa ganitong konteksto, mahalagang magkaroon ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo, upang matulungan ang mga mag-aaral na hindi lamang mapalawak ang kanilang talasalitaan kundi mapalalim din ang kanilang pag-unawa sa mga konsepto. Sa pag-aaral na ito, susubukan ang paggamit ng Semantic Mapping Method upang mapahusay ang pagkatuto ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Inaasahang sa pamamagitan ng pamamaraang ito, magkakaroon ng mas organisado at makabuluhang pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga salitang kanilang natututunan.

Ang bokabularyo ay karaniwang umuunlad kaalinsabay sa edad at ito ay nagsisilbing mahalagang kasangkapan sa pakikipagkomunikasyon at pagkatuto ng wikang Filipino. Mahalaga para sa isang tao ang magkaroon ng malawak na bokabularyo o talasalitaan sapagkat ito ang magsisilbing sandata upang maunawaan at mabigyan ng tamang pagpapakahulugan ang mga salitang nababasa at naririnig sa wikang Filipino. Ayon kina Palma et al. (2020), nagkaroon ng pagbabago sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas, dahilan kung bakit naging hindi pantay ang antas ng bokabularyo ng mag-aaral. Isa sa mga pangunahing dahilan nito ay ang kakulangan sa epektibong pagtuturo ng bokabularyo, lalo na sa wikang Filipino.

ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat nakatutulong ito sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Kapag mas marami silang alam na salita, nagiging mas madali para sa kanila ang pagbabasa, pagsulat at pagsasalita nang mas maayos at may konteksto. Dahil maraming mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit ng Filipino, layunin din ng pag-aaral na ito na masuri ang epektibdad ng Semantic Mapping Method sa pagtuturo ng bokabularyo. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, mas mabilis na mauunawaan at matatandaan ng mga mag-aaral ang mga salita sa tulong ng biswal na gabay.

Binigyang-diin nina Aclinen et al. (2023), na ang pagbasa ay isang gawaing kinapapalooban ng pagkilala, pagbibigay-kahulugan at pagtataya sa mga ideya mula sa nakalimbag na simbolo. Ito ay isang mabisang paraan upang malinang ng isang tao ang kanyang kasanayan sa pag-unawa ng teksto, pati na rin sa pag-unawa sa mga kahulugan ng malalalim na salita. Ang isang taong palabasa ay nagkakaroon ng mas malawak na kaalaman, lumalawak ang talasalitaan o bokabularyo at nadaragdagan ang kanyang karanasan. Batay sa pag-aaral ni Hebert (2020), ang pagtuturo ng bokabularyo ay nagpapalakas sa kakayahang mag-isip ng mag-aaral at nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa wikang Filipino. Nakatutulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Isang salik na nakakaapekto sa mababang paggamit ng wikang Filipino ng mga mag-aaral ay ang limitadong bokabularyong kanilang natututunan at nagagamit. Mahalaga na taglayin nila ang kakayahang unawain ang mga simbolong pangwika tulad ng mga letra at ang kahulugan ng bawat salita o kaisipan upang lubos nilang maunawaan ang mensaheng taglay ng kanilang binabasa o naririnig.

Ang pagtuturo ng bokabularyo ay napakahalaga para sa mga mag-aaral sapagkat ito ay mahalagang kasangkapan sa pakikipagtalastasan lalo na sa pag-aaral ng wikang Filipino. Maraming salita ang maaaring gamitin sa wikang Filipino, subalit nagiging limitado ang paggamit ng mga ito dahil sa limitadong bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa wikang Filipino, ang isang salita ay maaaring magkaroon ng maraming kahulugan, ngunit nagiging problema ito kung hindi pa gaanong nadebelop ang kaalaman ng mga mag-aaral sa talasalitaan. Ang kakulangan sa bokabularyo ay nagdudulot ng kahirapan hindi lamang sa pag-unawa ng teksto kundi pati na rin sa pagpapahayag ng sariling ideya at damdamin.

Sa pamamagitan ng Semantic Mapping Method, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mailarawan at maorganisa ang mga kaugnay na salita batay sa isang sentrong paksa. Sa ganitong paraan, mas lumalalim ang kanilang pag-unawa sa kahulugan ng mga salita at nagiging mas madali para sa kanila ang pagkatuto ng bagong bokabularyo. Sa tulong ng estratehiyang ito, maaari ring makabuo ng isang prototype na talasalitaan na magsisilbing konkretong gabay sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pagtuturo ng bokabularyo ay hindi lamang nakatutulong sa pag-unawa sa mga kahulugan ng salita, kundi pati na rin sa pagbuo at pagpapalawak ng mahahalagang kasanayang tulad ng pagbasa, pagsulat at pagsasalita sa wikang Filipino. Higit pa rito, nakapag-aambag ito sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, mas epektibong pakikipagkomunikasyon at mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang teksto. Sa pamamagitan ng mayamang bokabularyo, mas nagiging tiwala at mahusay ang mga mag-aaral sa pagpapahayag ng kanilang saloobin at ideya. Kung magiging epektibo ang pagtuturo ng bokabularyo, mas mahahasa ang mga mag-aaral bilang aktibong miyembro ng lipunan na may kakayahang makipagkomunikasyon gamit ang wikang Filipino.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mapunan at mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa unang antas ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino 1A at 1-1 ng Cebu Technological University – Consolacion Campus sa pamamagitan ng paggamit ng Semantic Mapping Method sa taong panuruan 2025–2026. Gagamitin ang pamamaraang ito bilang gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na tutugon sa kakulangan sa bokabularyo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Tinitiyak din na matugunan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang propayl ng mga mag-aaral na sumailalim sa pagtuturo gamit ang tradisyunal na paraan at ang Semantic Mapping Method?
2. Ano ang pagkakaiba sa propayl ng mga mag-aaral na tinuruan gamit ang tradisyunal na paraan at ng mga mag-aaral na tinuruan gamit ang Semantic Mapping Method?
3. Batay sa matutuklasan ng pag-aaral, anong kagamitang pampagtuturo ang maaaring mairekomenda upang tulungan ang mga guro sa pagtuturo ng bokabularyo sa wikang Filipino?

METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral na ito ang quasi-experimental na disenyo upang ihambing ang pagiging epektibo ng dalawang pamamaraang pampagtuturo—ang tradisyunal na paraan at ang Semantic Mapping Method—sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga propayl at pagganap ng mga mag-aaral na sumailalim sa bawat pamamaraan ang naging batayan sa pangangalap at pagsusuri ng datos. Dalawang pangkat ng mga mag-aaral sa unang taon ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino ang piniling lumahok bilang mga kalahok sa pag-aaral. Ang seksyong BSED Filipino 1-1 ay tinuruan gamit ang tradisyunal na paraan, samantalang ang BSED Filipino 1A ay tinuruan sa pamamagitan ng Semantic Mapping Method. Itinuturing na angkop ang disenyo sapagkat nagbibigay ito ng pagkakataon sa mga mananaliksik na masuri nang mas malalim ang impluwensiya ng bawat paraan sa pag-unlad ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Pinili ang mga respondente gamit ang purposive sampling, isang non-random na pamamaraan kung saan ang mga kalahok ay pinipili batay sa tiyak na pamantayang tumutugon sa layunin ng pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay mula sa unang taon ng BSED Filipino 1A at 1-1 ng Cebu Technological University – Consolacion Campus. Sa antas na ito, napakahalaga ng pagpapalawak ng bokabularyo dahil ito ay tuwirang nakaaapekto sa kanilang pagganap sa mga gawaing pang-akademiko tulad ng pagsulat, pagbasa, at pakikipagtalastasan. Sa pagpapakilala ng Semantic Mapping Method, layunin ng pag-aaral na higit na mapalakas ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral, mapahusay ang pag-unawa sa mga konsepto, at lalong mapalalim ang kanilang pag-intindi sa ugnayan ng mga salita sa iba’t ibang konteksto.

Upang makakalap ng kinakailangang datos, gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungang ginamit bilang pagsusulit para sa dalawang pangkat. Ang instrumento ay nagsilbing pagsusukat sa kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyo matapos silang mabigyan ng pagtuturo gamit ang kani-kanilang pamamaraan. Ang tradisyunal na paraan ay ipinatupad sa grupong BSED Filipino 1-1, samantalang ang Semantic Mapping Method ay ginamit sa grupong BSED Filipino 1A. Sa pamamagitan ng paghahambing ng resulta mula sa dalawang pangkat, natukoy ng mga mananaliksik kung aling pamamaraan ang higit na epektibo sa pagtuturo ng bokabularyo. Layunin din ng instrumento na masukat hindi lamang ang lawak ng pag-unlad ng bokabularyo ng mga mag-

ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

aaral kundi pati ang potensyal ng Semantic Mapping bilang kasangkapan sa pagpapayaman ng kanilang kasanayan sa wika.

Isinailalim ang nakalap na datos sa angkop na estadistikal na pagsusuri upang matugunan ang mga suliranin ng pag-aaral. Gumamit ng non-parametric statistical procedures sapagkat hindi kinakailangan na ang datos ay tumugma sa isang partikular na distribusyon tulad ng normality. Ang mga paraang ito ay akma sa pagsusuri ng ordinal data na nakabatay sa ranggo at hindi sa tiyak na numerikal na sukat. Bukod dito, kinuha rin ang mean upang suriin ang pangkalahatang resulta ng Semantic Mapping Method. Ang pagkuha ng mean ay nagbigay ng ebidensya sa pagiging epektibo ng pamamaraan at tumulong upang matukoy kung nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa bokabularyo ng mga mag-aaral matapos ang pagtuturo. Sa kabuuan, ipinakita ng pagsusuring ito ang pedagogical na kahalagahan ng Semantic Mapping sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Mga respondente sa tradisyunal at semantic mapping na paraan

Batay sa disenyo ng pag-aaral, dalawang pangkat ng mag-aaral mula sa BSED Filipino 1-1 at BSED Filipino 1A ang ginamit upang ihambing ang bisa ng Tradisyunal na paraan at Semantic Mapping Method sa pagpapalawak ng bokabularyo. Ang unang pangkat na sumailalim sa Tradisyunal na paraan ay binubuo ng 37 respondente, habang ang ikalawang pangkat na gumamit ng Semantic Mapping ay may 41 respondente. Gamit ang Tests of Normality, natuklasan na parehong hindi normal ang distribusyon ng datos, na pinatunayan ng Kolmogorov-Smirnov at Shapiro-Wilk Tests na parehong may p-value na mas mababa sa 0.05. Ipinahihiwatig nito na ang mga resulta ay estadistikang makabuluhan at apektado ng laki ng populasyon, kung saan mas malaki ang sample size, mas mataas ang posibilidad na makita ang statistical significance.

Lumabas sa pagsusuri na ang propayl ng mga mag-aaral sa Tradisyunal na paraan ay may Kolmogorov-Smirnov na .168 at Shapiro-Wilk na .866, na nagpapakitang mababa ang nakuhang marka sa pagsusulit. Samantala, ang mga mag-aaral na gumamit ng Semantic Mapping ay may Kolmogorov-Smirnov na .161 at Shapiro-Wilk na .863, na nagpapakitang mas mataas ang marka sa pagsusulit. Ang kaibahang ito ay nagpapahiwatig na ang Semantic Mapping ay mas epektibong estratehiya sa pagtuturo ng bokabularyo dahil nakatutulong ito sa pag-unawa ng mga konsepto, pag-uugnay ng mga salita, at pagpapalalim ng kahulugan. Ayon kay Reyes (2022), mas nagiging malalim ang koneksyon ng mga mag-aaral sa mga konsepto kapag gumagamit ng Semantic Mapping, habang ipinakita nina Santos et al. (2024) na higit nitong pinahuhusay ang pangmatagalang pagkatuto kumpara sa simpleng memorization dahil hinihikayat nitong mag-organisa, mag-ugnay, at magpangkat ng mga ideya ang mga mag-aaral. Ang makabuluhang pagtaas sa marka ng gumagamit ng Semantic Mapping sa pag-aaral na ito ay nagpapatibay sa mga naunang konklusyon.

Bokabularyo ng mga mag-aaral sa tradisyunal na paraan

Lumalabas sa datos na ang mga mag-aaral sa Tradisyunal na paraan ay nakakuha ng magkakaibang marka: 13 respondente ang nasa iskor na 0–5, siyam ang nasa 5–10, walo ang nasa 10–15, dalawa ang nakakuha ng 15–20, isa ang nasa 20–25, at apat ang nakakuha ng 25–30. Ang

kabuuang mean na 9.74 at Standard Deviation na 8.152 ay nagpapakitang “Hindi Gaanong Mahusay” ang kanilang naging pagganap. Ipinahihiwatig nito na hindi sapat ang tradisyunal na paraan upang malinang ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Pinatutunayan ng literatura ang naturang resulta. Ayon kay Pumahing (2023), sa pagbanggit kina Imam et al. (2016), mababa ang antas ng literasi ng maraming mag-aaral dahil sa kakulangan nila sa bokabularyong konteksto at pagkahilig sa panghuhula ng sagot. Kung hindi organisado ang concept map o ang estratehiyang ginagamit sa pagtuturo, nagiging mahirap para sa mga mag-aaral na makita ang lohikal na koneksyon ng mga salita. Dagdag pa rito, inilahad nina Delos Santos et al. (2024) na ang kakulangan sa epektibong study habits, mahinang pag-unawa, at limitadong bokabularyo ang pangunahing salik sa mahinang pagganap sa pagsusulit. Kung hindi ito matutugunan, posibleng magresulta ito sa mas mababang marka at limitadong kasanayan sa pag-unawa ng teksto. Dahil dito, malinaw na ang tradisyunal na paraan ay hindi sapat upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagpapalawak ng bokabularyo.

Bokabularyo ng mga mag-aaral sa semantic mapping method

Samantala, ang mga mag-aaral na gumamit ng Semantic Mapping Method ay nakakuha ng mas mataas na marka. Dalawang respondente ang nasa iskor na 18–20, dalawa din ang nasa 22–24, anim ang nasa 24–26, labing-anim ang nasa 26–28, at labing-apat ang nasa 28–30. Mayroon ding isang respondente ang nakakuha ng 30–32. Ang mean na 26.76 at Standard Deviation na 2.443 ay nagbigay ng interpretasyong “Napakahusay,” na nagpapakita na ang Semantic Mapping ay nakapagpapataas ng antas ng bokabularyo at kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral.

Pinatutunayan nina Gedik et al. (2024) na kapag natutugunan ang mga hamon sa motibasyon, pag-unawa, at bokabularyo, mas nagiging mahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral. Ang Semantic Mapping ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pag-ugnayin ang mga salita, palawakin ang kahulugan, at magamit ang bokabularyo sa iba’t ibang konteksto. Ayon din kay Espinosa et al. (2024), mataas ang impluwensiya ng bokabularyo sa interes ng mag-aaral; kung mababa ang kanilang bokabularyo, mababa rin ang kanilang interes at pag-unawa. Sa pamamagitan ng Semantic Mapping, mas nagiging malawak, matatag, at organisado ang bokabularyo ng mga mag-aaral, na nagpapahusay sa kanilang kasanayan sa pagsulat, pagbasa, at pag-intindi ng iba’t ibang teksto.

Propayl ng mag-aaral na tinuruan gamit ang tradisyunal na paraan at semantic mapping method

Sa paghahambing ng dalawang pangkat, makikita ang malinaw na pagkakaiba: ang mean na 9.74 (SD = 8.152) sa Tradisyunal na paraan ay lubhang mababa kumpara sa mean na 26.76 (SD = 2.443) sa Semantic Mapping. Ang skewed right na distribusyon sa tradisyunal na paraan ay nagpapakita ng kalat-kalat at mababang marka, habang ang skewed left sa Semantic Mapping ay nagpapakita ng mas mataas at mas konsistent na pagganap. Ayon kay Pumahing (2023) sa pagbanggit kay Hebert (2019), ang kakulangan sa bokabularyo ay isang malaking dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral na makaunawa ng teksto. Dahil dito, kailangan ang isang estratehiyang nagbibigay ng malinaw na istruktura, relasyon, at kahulugan ng mga salita.

Pinatutunayan nina Schmitt (2021) at Nation (2022) na ang epektibong pagtuturo ng bokabularyo ay nangangailangan ng mga estratehiyang nag-uugnay ng salita, kahulugan, at

konteksto—isang katangian na malinaw na taglay ng Semantic Mapping. Sa pamamagitan ng biswal na ugnayan ng mga salita at konsepto, nabubuo ang mas malawak na network ng kahulugan na nakatutulong sa retention at wastong paggamit ng bokabularyo. Ang kabuuang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang Semantic Mapping ay hindi lamang epektibo, kundi isang mas napapanahon at mas angkop na pamamaraan kumpara sa tradisyunal na pagtuturo.

KONGKLUSYON

Ang kinalabasan ng pananaliksik ay nagbigay ng mga sumusunod na konklusyon na makatutulong sa pagpapatibay ng pag-aaral na ito. Una, napatunayan na ang pagtuturo ng bokabularyo gamit ang Tradisyunal na paraan ay nasa antas na "Hindi Gaanong Mahusay", na nangangahulugang nahihirapan ang mga mag-aaral na unawain at iugnay ang mga salita sa pangunahing salita. Pangalawa, ang pagtuturo gamit ang Semantic Mapping Method ay nasa antas na "Napakahusay", na nagpapakita ng mas mataas na pag-unawa ng mga mag-aaral sa pangunahing salita at mas epektibong pagpapalawak ng kanilang bokabularyo. Panghuli, natuklasan sa pananaliksik na may sapat na ebidensyang estadistika upang patunayan na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa bisa ng Tradisyunal at Semantic Mapping na paraan sa pagtuturo ng bokabularyo.

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, iminumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

Una, maaaring gamitin ang Semantic Mapping Method bilang karagdagang instrumento sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Kinakailangan ang paggamit ng mas bagong estratehiya upang mas madaling mapabuti ang pag-unawa at bokabularyo ng mga mag-aaral.

Ikalawa, nararapat na maging bukas sa paggamit ng Semantic Mapping Method bilang midyum ng pagtuturo at pagpapalawak ng bokabularyo. Ang concept map ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makita ang koneksyon sa pagitan ng mga salita, konteksto at konsepto na maaaring magpahusay sa bokabularyo sa mas malinaw at estrukturadong paraan.

Ikatlo, para sa paaralan, maaaring magdaos ng mga aktibidad o workshop na naglalayong mapaunlad ang pamamaraan ng pagtuturo ng bokabularyo sa wikang Filipino at isama ang iba't ibang estratehiya o teknik na makatutulong sa malalim na pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Panghuli, para sa susunod na mananaliksik, maaaring palawakin ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri ng iba pang estratehiya o teknik sa paggamit ng Semantic Mapping Method, o paghahambing nito sa ibang pamamaraan ng pagtuturo ng bokabularyo sa wikang Filipino.

MGA SANGGUNIAN

Abillao, J. D., Alang, J. S., Alindan, H. G., & Eguia, M. L. G. (2024). Concept map: Estratehiya sa pagpapalawak ng talasalitaan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 4(12), 291–297. https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i12.028

Aliba, G. D., Bullod, C. C., Dagman, M. G. B., Mucat, M. G., Salbino, S. J. L., Sipi-an, A. L., & Eguia, M. L. G. (2025). Antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa pagbasa ng akdang

pampanitikan. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 167–177. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.014

Author, A. A. (Year). The comparative effect of mind mapping and concept mapping. International Journal of Scientific & Engineering Research. https://www.ijser.org/paper/The-Comparative-Effect-of-Mind-Mapping-and-Concept-Mapping.html

Avilado, J. V. (n.d.). Kabanata 6: Pagpapalawak ng talasalitaan. Scribd. https://www.scribd.com/document/623674648/Kabanaa-Pagpapalawak-Ng-Talasalitaan

Fancher, E. (2013). Comparison of methods of analysis for pretest and posttest data. https://www.semanticscholar.org/paper/COMPARISON-OF-METHODS-OF-ANALYSIS-FOR-PRETESTAND-P-Fancher/7cffe0

Fenella, N. (n.d.). Ang talasalitaan kaugnay sa pag-unawa sa teksto. Scribd. https://www.scribd.com/doc/61004586/Ang-Talasalitaan-Kaugnay-Sa-Pagunawa-Sa-Teksto-new

Guzman, C. R. S. D. R. B. (2024, April 14). Lawak ng bokabularyo at antas ng pag-unawa ng piling pampublikong mag-aaral sa Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). https://eprajournals.com/IJMR/article/12749

Hwang, G., Yang, L., & Wang, S. (2013). A concept map-embedded educational computer game for improving students' learning performance in natural science courses. Computers & Education, 69, 121–130. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2013.07.008

Magnaye, J. R. (2023). Pagpapalalim ng pag-unawa sa panitikan sa pamamagitan ng malikhaing pagsulat. Humanities Commons. https://works.hcommons.org/records/a7zzt-cbs20/files/17.-magnaye.pdf

Schmitt, N. (2000). Current perspectives on vocabulary teaching and learning. https://www.researchgate.net/publication/227092388_Current_Perspectives_on_Vocabulary_Teaching_and_Learning

Subong, P. (2006). Statistics for research. Rex Book Store, Inc.

Torzar, E. T. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagpapalawak talasalitaan sa panahon ng pandemya. La Consolacion University Philippines. https://www.researchgate.net/publication/356980358_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagpapalawak_Talasalitaan_sa_Panahon_ng_Pandemya

Villegas, G. (n.d.). 2nd part thesis bib. Scribd. https://www.scribd.com/document/424947744/2nd-Part-Thesis-Bib